## BURADOR NG UNANG PAG-AARAL/PAHAYAG NG PINAGAAN NA NEGATIBO

## BUOD NG PAGPAPAGANAP

**Petsa ng Paglalathala ng Burador ng Unang Pag-aaral/Pahayag ng Pinagaan na Negatibo (Mitigated Negative): Disyembre 3, 2010**

**Titulo ng Proyekto:** Hayward Maintenance Complex Project
**Namumunong Ahensiya:** San Francisco Bay Area Rapid Transit District
**Tagapag-ugnay ng Ahensiya:** Ellen Smith **Telepono:** (510) 287-4758

**Kinaroroonan ng Proyekto:** Ang proyekto ay matatagpuan sa Alameda County, timog ng Industrial Parkway sa City of Hayward umaabot sa timog ng Whipple Road hanggang sa D Street sa Union City, sa pagitan ng dalawang kasalukuyang linya ng riles ng Union Pacific Railroad (UPRR).

**Paglalarawan ng Proyekto:** Ang San Francisco Bay Area Rapid Transit District (BART) ay nagpapatakbo at nagpapanatili ng 104 milya ng daang-bakal at 43 istasyon, naglilingkod sa humigit-kumulang na 360,000 biyahe ng pasahero tuwing pangkaraniwang araw sa mga county ng San Francisco, Alameda, Contra Costa, at San Mateo. Sa susunod na 30 taon, ang BART ay mangangailangan ng mga karagdagang sasakyan upang matugunan ang mga pangangailangan sa hinaharap na kaugnay ng paglaki ng populasyon at pagpapalawak ng sistema sa rehiyon. Kaya, ang BART ay nangangailangan ng pinalawak na mga pasilidad sa pagpapanatili at pag-iimbak upang paglingkuran ang mas maraming sasakyan. Ang iminumungkahing proyektong Hayward Maintenance Complex ay bubuuin ng pagtatamo at pagpapabuti ng tatlong ari-arian sa kanlurang panig ng kasalukuyang Hayward Yard at ang pagtatayo ng mga karagdagang daang-bakal sa pag-iimbak para sa hanggang 250 sasakyan sa hindi pa napagtatayuan na ari-ari-arian ng BART sa silangang panig ng Hayward Yard. Ang mga suwits at ibang mga pagbabago sa daang-bakal ay gagawin sa parehong hilaga at timog ng Whipple Road.

**Ang Proyektong Ito ay Hindi Magkakaroon ng Malaking Epekto sa Kapaligiran:** Ang pagpapasiyang ito ay batay sa pamantayan ng mga Patnubay ng Kalihim para sa mga Tagapagdulot ng Estado (mga Seksyon 15064, 15065, at 15070, at ang mga dahilang nakadokumento sa Unang Pag-aaral/Pahayag ng Pinagaan na Negatibo para sa proyekto. Ang mga hakbang sa pagpapagaan ay kasama sa proyektong ito upang iwasan ang maaaring maging mga malalaking epekto.

**Mga Kopya ng Unang Pag-aaral/Pahayag ng Pinagaan na Negatibo:** Ang mga kopya ng Unang Pag-aaral/Pahayag ng Pinagaan na Negatibo ay marerepaso sa website ng BART sa bart.gov/hmc. Ang mga kopya ng dokumento ay maaari ring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa sumusunod na numero at pag-iiwan ng impormasyon tungkol sa kung paano kayo matatawagan: 510-287-4758. Ang isang kopya ng dokumento ay ipapakoreo sa inyo. Bilang karagdagan, ang mga kopya ng Unang Pag-aaral/Pahayag ng Pinagaan na Negatibo ay makukuha sa mga pangunahing aklatan sa Hayward at Union City.

Ang mga kopya ng Unang Pag-aaral/Pahayag ng Pinagaan na Negatibo at mga kaugnay na dokumento ay makukuha para sa pagrepaso sa mga ospina ng Distrito ng San Francisco Bay Area Rapid Transit: 300 Lakeside Drive, $16^{th}$ Floor, Oakland, CA 94612.

**Pampublikong Pulong:** Ang BART ay magsasagawa ng isang ikalawang pampublikong pagdinig upang tumanggap ng mga komento ng publiko tungkol sa Burador ng Unang Pag-aaral/Pahayag ng Pinagaan na Negatibo. Ang pulong na ito ay gaganapin sa Huwebes, Enero 20, 2011, mula 6:30 hanggang 8:00 p.m. sa Fairway Park Baptist Church, 425 Gresel Street, Hayward.

Ang BART ay nagsagawa ng isang pampublikong pagdinig upang tumanggap ng mga komento ng publiko noong Miyerkules, Disyembre 15, 2010 sa Union City.

**Mga Komento sa Unang Pag-aaral/Pahayag ng Pinagaan na Negatibo:** Ang panahon ng komento ay nagsimula noong Disyembro 3, 2010 at palalawagin hanggang 5 pm ng Pebrero 11, 2011. Ang mga komento ay tatanggapin sa pampublikong pagdinig, sa pamamagitan ng liham, fax, at email. Ang mga komento sa email ay tatanggapin sa: esmith1@bart.gov. Ang mga nakasulat na komento ay tatanggapin sa pamamagitan ng fax sa 510-464-7673 o sa pagpapakoreo sa sumusunod na direksiyon:

San Francisco Bay Area Rapid Transit District
Attention: Ellen Smith
300 Lakeside Drive, 16th Floor
Oakland, CA 94612